| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **MaTaTaG** ***Kindergarten*** **Lingguhang Aralin** | **Paaralan:** | **Visit DepEdResources.com for More** | **Petsa:** | |
| | **Pangalan ng Guro:** | | **Lingguhang Bilang** | 7 |
| | **Pangkat:** | | **Markahan** | 1 |
| | **Tema:** | Knowing Who We Are and Our Families | | |

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | The learners demonstrate understanding of attitude, emotions, similarities and differences of oneself and others including the concept of family, and of importance of physical health, safety, and appropriate movement concepts. |
| **B. Pamantayang Pagganap** | The learners manage emotions, make decisions, recognize similarities and differences of people, and express oneself based on personal experiences; participate actively in various physical activities; use hands in creating models; perform coordinated body movements; and take care of one's physical health and safety. |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto** | ● Recognize oneself as a member of a family<br>● Narrate one's personal experiences<br>● Demonstrate respectful attitude towards oneself, parents, and other members of the family<br>● Express oneself through music, arts, and movement<br>● Create artworks using local and available materials<br>● Demonstrate locomotor and non-locomotor movements<br>● Produce the sound of the letter it stands for<br>● Write the letters of the alphabet in uppercase and lowercase form<br>● Compare quantities using one to one correspondence to determine which has more, less, or equal |
| **D. Mga Layunin (Mensahe)** | ● Nalalaman na ang bawat bata ay kabilang sa isang pamilya, na may mga miyembro at kani- kaniyang pangalan.<br>● Nakikilala ang iba't ibang gawaing ginagawa ng bawat miyembro ng pamilya.<br>● Natutukoy ang pagkakaiba at pagkakapareho ng bawat pamilya. |
| **E. Nilalaman/Paksa** | Ako'y kabilang sa isang pamilya. |

**Tala sa Guro:** Pinagsikapang maging masusi sa pagpili ng mga kalidad na kuwento na aakma sa tema (theme), sub-theme, kasanayang pampagkatuto, at pagpapahalaga (values) na nais ituro sa bata sa linggong ito. Kung sakaling hindi magagamit ang mga iminungkahing kuwento, tiyakin na ang kuwentong ipapalit ay naaayon sa mga kaalamang tinutukoy para sa linggong ito.

<table>
<tr><th>BLOCKS OF TIME</th><th>LUNES</th><th>MARTES</th><th>MIYERKULES</th><th>HUWEBES</th><th>BIYERNES</th></tr>
<tr><td>Arrival Time<br>(10 minuto)</td><td colspan="5">Batiin ang mga bata sa kanilang pagdating. Kapag may lugar sa labas ng classroom upang pumila ang mga bata nang hindi maaarawan o mauulanan, papilahin sila.<br>Sabihin sa mga bata na ibaba ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pagsisimula ng klase.<br>Matapos ang sampung (10) minuto, kantahin ang Bahay Kubo o iba pang kanta na maaaring gamitin upang umupo ang mga bata.<br>(Sumangguni sa Listahan ng Mga Kanta at Tula.)<br>(Sumangguni sa Teacher’s Guide partikular ang Intentional Teaching for Routine Activities upang makita ang iba’t ibang konsepto at baryasyon ng pagtuturo nito.)</td></tr>
<tr><td>Meeting Time<br>(15 minuto)</td><td colspan="5">Pambansang Awit<br>Panalangin } (Maaaring gawin kasama ang ibang baitang o mismo sa kanilang silid-aralan.)<br><br>Ehersisyo<br>Kumustahan (Kumustahin ang mga bata, magtanong din tungkol sa balita sa telebisyon o radyo na napanood o napakinggan nila, current events)<br>Balitaan<br>Ating alamin ang petsa, araw, at buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo.<br>Kahapon ay <u>(e.g., Linggo)</u> Ngayon ay<br>.<br>Bukas ay __.<br>Ang petsa ngayon ay ika ____________ng ______________, taong ______.<br>Kumusta naman ang panahon natin ngayon? (maulan, maaraw, maulap, mahangin)<br>Tingnan ang inyong mga kaklase. Ilan ang mga babae? (Patayuin ang bawat batang bibilangin. Muling gawin ito para sa mga lalaki.) Ilan ang mga lalaki? Kung ganoon, ilan ang lahat ng mga babae at lalaki? Bilangin natin.<br><br>(Sumangguni sa Teacher’s Guide partikular ang Intentional Teaching for Routine Activities upang makita ang iba’t ibang konsepto at baryasyon ng pagtuturo nito.)</td></tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Mga Mensahe** | Ako ay bahagi ng isang pamilya. Ang bawat tao ay may pamilya.<br>Ang pamilya ay may mga miyembro o kasapi. May kani-kaniyang pangalan ang bawat isa (hal., Tatay, Nanay, Ate, Kuya).<br>Ang iba't ibang pamilya ay magkakaiba ang bilang ng mga miyembro. Mayroong malaking pamilya, mayroong maliit na pamilya.<br>May mga miyembro ng pamilya na magkakasamang nakatira sa iisang tirahan; may mga miyembro ng pamilya na nakatira sa magkakaibang tirahan.<br>May mga pamilya na hindi palaging magkakasama.<br>- maaaring may nagtatrabaho sa ibang lugar<br>- maaaring may nag-aaral sa ibang lugar<br>- maaaring mayroong miyembro ng pamilya na namatay na | Ang mga miyembro ng isang pamilya ay may mga gawain na sama-sama nilang ginagawa.<br>Ang mga pamilya ay sama-samang nagdiriwang ng mga espesyal na okasyon (halimbawa, kaarawan, kasalan, pagtatapos).<br><br>May mga gawaing magkakasamang ginagawa ng pamilya (hal., kumakain nang magkakasama); may gawaing ginagawa ng mga miyembro nang magkakahiwalay (hal., naliligo).<br><br>Ang pamilya ay isang grupo ng mga taong nagmamalasakit at nagmamahal sa isa't isa. | |
| **Mga Katanungan** | Ano ang apelyido ng inyong pamilya?<br><br>Sino-sino ang mga miyembro ng inyong pamilya? Ilan kayo sa inyong pamilya?<br><br>Sino-sino ang magkakasamang nakatira sa inyong tirahan? Mayroon bang miyembro ng pamilya na nakatira sa ibang lugar? | Ano-ano ang ginagawa ninyo kasama ang pamilya? Sino-sino ang kasama ninyong gumagawa nito?<br><br>Mayroon bang mga gawain na hindi kayo magkakasama? Sino-sino ang gumagawa ng mga hiwalay na gawaing ito?<br><br>Paano ipinapakita ng mga miyembro ng pamilya ang pagmamahal sa isa't isa? | |
| **Work Period 1**<br>(45 minuto) | Awitin natin ang 'Kaibigang Libro.' (Maaari ding gumamit ng ibang kanta na alam ninyo.) | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Kuwento** *Ang Pamilyang Kuwago* (Akda ni Yvonne Sulapas \| SDO Mandaluyong City)<br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/ konsepto na nasa kuwento, halimbawa: kuwago.<br>**Pagganyak** Sino-sino ang mga miyembro ng pamilya?<br>**Pangganyak na Tanong**<br>Sa kuwento natin ngayon, ano-ano kaya ang ginagawa ng pamilya na magkakasama?<br>Alamin natin.<br>(Sumangguni sa *Teacher's Guide* ukol sa *Storytelling to Young Children*.) | **Kuwento** *Our House* (US AID, ABC+ Project)<br><br>(***Tala sa Guro***: Ito ay isang *wordless book*. Sumangguni sa *Teacher's Guide*, partikular sa *Book Orientation* sa *Storytelling to Young Children*.)<br><br>**Pagganyak** Ang pamilya ba ay magkakasamang nakatira sa iisang tirahan?<br>**Pangganyak na Tanong**<br>Sino-sino ang nakatira sa bahay sa ating kuwento? Alamin natin. | **Kuwento** *Rambakantayo! (Let's Celebrate!)* (Akda ni Ariana Santoalla \| USAID Basa Pilipinas Project)<br><br>(***Tala sa Guro***: Ito ay isang *wordless book*. Ang pamagat at ang mga pangalan ng buwan ay nakasulat sa Ilokano, ngunit may buod sa likod ng libro na nakasulat sa Ingles.) konsepto na nasa kuwento, halimbawa, ang mga pangalan ng buwan.<br><br>**Pagganyak** Ano ang ginagawa ng pamilya nang magkakasama?<br><br>**Pangganyak na Tanong** Ano-ano ang mga espesyal na okasyon ng pamilya sa kuwento? Basahin natin.<br><br>(Sumangguni sa *Teacher's Guide* ukol sa *Storytelling to Young Children*.) | | **Kanta** *Masaya Kaming Pamilya* (Sumangguni sa Apendiks)<br><br>**Pagganyak** Paano ipinapakita ang pagmamahal sa pamilya?<br><br>**Pangganyak na Tanong**<br>Ano-ano ang mga gawaing ginagawa ng pamilya? |
| **Teacher-Supervised Activity** | **Talakayan**<br>Isa-isang ipakita ang mga larawan sa aklat at hikayatin ang mga bata na magkuwento tungkol dito.<br><br>Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi rin tungkol sa kani-kanilang pamilya, halimbawa: Sa inyong pamilya, sino- | **Talakayan** Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi at pag-usapan ang tungkol sa mga ginagawa ng pamilya sa tirahan.<br><br>Maaaring itanong: Ang magkakasama bang nakatira sa iisang tirahan ay isang pamilya? Puwede bang may miyembro ng | **Talakayan**<br>Isa-isang ipakita ang mga larawan sa aklat at hikayatin ang mga bata na magkuwento tungkol dito. Maaaring mag-udyok ng mga sagot o kuwento sa pamamagitan ng pagtatanong, halimbawa: Ano-anong mga kulay/pagkain/bagay/g awain ang nakikita | **Talakayan** Alalahanin ang dalawang nakaraang mga kuwento (*Our House* at *Rambakantayo!*). Hikayatin ang mga mag-aaral na pag- isipan at pag-usapan ang mga gawaing ginagawa ng mga pamilya. Maaaring magtanong: Ano-ano ang ginagawa ng | **Talakayan**<br>Ituro ang kanta.<br>Ano-ano ang mga gawain na ginagawa niyo bilang pamilya? Paano kayo nagtutulungan sa pamilya?<br><br>Maaari ding pag- usapan ang mga kuwentong ginamit nitong nakaraang mga araw at magtanong: |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | sino ang miyembro?<br>Ilan kayo sa inyong pamilya?<br><br>**Gawain**<br><br>Family Pictograph<br>(Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) | pamilya na hindi nakatira kasama ng iba pang miyembro? May mga kamag-anak o miyembro ba ng pamilya ninyo na nakatira sa ibang lugar? Paano niyo sila nakakausap? Ano ang pakiramdam niyo kapag nakita niyo ulit sila pagkatapos ng mahabang panahon?<br><br>**Gawain**<br><br>Frame It!<br>(Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) | ninyo sa larawan? Ano naman ang paborito ninyong pagkain/ kulay/ bagay?<br>Maaari ding magtanong tungkol sa pamilya sa kuwento: Ano-ano ang mga ginagawa ng pamilya sa kuwento nang magkakasama?<br>Ano-ano ang mga espesyal na okasyong ipinapakita sa kuwento? Ano-ano naman ang mga espesyal na okasyon sa pamilya ninyo?<br>**Gawain**<br>Tayo Ay Pamilya<br>(Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) | pamilya nang magkakasama? May mga gawain bang ginagawa nang hindi magkakasama?<br><br>**Gawain**<br><br>Celebrating with Family<br>(Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) | Ano-ano ang mga gawaing ginagawa ng mga pamilyang nabanggit sa mga kuwento? Paano nila naipakikita ang kanilang pagmamahal sa kanilang pamilya?<br><br>**Gawain**<br><br>Mahal Ko Ang Aking Pamilya (Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) |
| **Supervised Recess**<br>(15 minuto) | Mga bata, sampung (10) minuto na lang ang natitira. Iligpit na natin ang mga bagay na ginamit natin.<br>Magpasalamat at magdasal tayo sa ating mga nagawa at para sa ating pagkain. Tawagin natin si ______________________, ang *prayer leader* ngayong araw (ayon sa *Job Chart*).<br>Maaari na po tayong pumila para sa paghuhugas ng mga kamay. Pagkatapos ay maaari niyo na pong kunin ang inyong dalang pagkain at kainin ito sa mesa.<br>(Kapag kumakain na ang mga bata, maaaring sabihin ng guro) Puwede rin kayong magbahagi ng pagkain sa mga kaklase. Sino ang naghahanda ng iyong pagkain? Tumutulong ka ba sa paghahanda o pagluluto? At iba pa.<br>Pagkatapos kumain, maghuhugas ulit ng mga kamay, masisipilyo at magpapalit ng damit kung basa. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay at katawan para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. Maaari nang magpahinga ang tapos.<br>(Sumangguni sa *Teacher's Guide* partikular ss *Intentional Teaching for Routine Activities*) | | | | |
| **Quiet / Nap Time**<br>(10 minuto) | Awitin ang 'Bahay Kubo'/ 'Ili-ili Tulog Anay' / 'Sa Ugoy ng Duyan' o iba pang awit na inyong alam; awitin ito nang mahina habang nagpapahinga ang mga bata. (Sumangguni sa *Listahan ng Mga Kanta at Tula*.) | | | | |

<table>
<tr><td rowspan="2">Work Period 2<br>(40 minuto)</td><td colspan="5">Tapos na ang sampung (10) minuto, maghahanda na tayo para sa iba pang mga masasayang gawain. Kantahin natin ang ‘Ako ay May Lobo’ (o iba pang awit na inyong alam o nais awitin). (Sumangguni sa Listahan ng Mga Kanta at Tula.)</td></tr>
<tr><td>Aralin ang Kanta:<br>Nasaan si Tatay?<br>(Sumangguni sa Apendiks.)</td><td colspan="4"></td></tr>
<tr><td>Pag-aaral ng mga Katangian</td><td>Magpakita ng isang prutas sa harap ng klase. Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang prutas (kulay, hugis, laki, atbp.).<br>Tala sa Guro: Maaaring magtalaga ng ilang mag-aaral na makapagdadala ng prutas bawat araw.)</td><td colspan="2">Sa harap ng klase, magpakita ng dalawang magkaparehong prutas na magkaiba ang katangian. (Halimbawa, dalawang mangga— isang Indian mango at isang manggang kalabaw; saging na lakatan at saging na latundan; isang hinog at isang hindi pa hinog; atbp.) Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang mga prutas (kulay, hugis, laki, atbp.). Magtanong rin tungkol sa bigat: Aling prutas ang magaan? Alin ang mabigat? Itanong sa mga bata, Ano ang pagkakapareho ng dalawang prutas? Ano ang pagkakaiba?</td><td colspan="2">Sa harap ng klase, magpakita ng dalawang magkaibang klase ng prutas. Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang mga prutas (kulay, hugis, laki, atbp.). Magtanong rin tungkol sa bigat: Aling prutas ang magaan? Alin ang mabigat? Itanong sa mga bata, Ano ang pagkakapareho ng dalawang prutas? Ano ang pagkakaiba?</td></tr>
<tr><td>Mga Gawain sa Grupo</td><td colspan="5">May mga inihandang gawain sa bawat grupo na maaaring ipagawa kapag natapos na ang mga bata sa mga gawain para sa araw. Maaaring ang lider ng bawat grupo ang kukuha ng mga gamit na nasa mesa. Lalapit ang guro sa bawat grupo para ipaliwanag kung ano at paano ito gagawin.<br>Early Language, Literacy, and Numeracy Activities:<br>Iba pang mga Gawain:<br>* Block Play: Bahay     * Paborito Kong Pagkain<br>* Scavenger Hunt: Hugis     * Scavenger Hunt: Letra<br>* Number Collage     * Pag-ikot ng Letra<br>* It’s A Match     * Letra sa Playdough</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Indoor/ Outdoor Play<br>(35 minuto)</td><td colspan="5">Limang (5) minuto na lang ay matatapos na ang gawain natin. (Pagkalipas ng 5 minuto:) Tapos na ang limang minuto, maghahanda ulit tayo para sa iba pang mga masasayang laro. Kakantahin natin ulit ang ‘Nasaan Si Tatay?’ / ‘Masaya Kaming Pamilya.’</td></tr>
<tr><td>Puwede po, Inay/Itay?</td><td>Family Relay</td><td>Unstructured Free Play</td><td>Gaya-gaya</td><td>Lumulubog ang Bangka</td></tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td colspan="5">Sabihin sa mga bata na may sampung (10) minuto na lamang at matatapos na ang paglalaro. (Pagkatapos ng sampung minuto:) Mga bata ibabalik na natin ang mga kagamitan natin sa paglalaro at uupo na tayo upang magpaalam.<br>Maaari ring kantahin ang ‘Tong Tong Tong Pakitong-kitong’ o iba pang kantang inyong alam (sumangguni sa Apendiks).</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Wrap-Up Time & Dismissal<br>(10 minuto)</td><td colspan="5">Marami tayong ginawa ngayong araw. Magbabanggit ako ng ilan at itaas ang kamay kung ano ang pinaka-nagustuhan mo.<br>Awitin natin ang kantang ‘Paalam Na Sa’yo’ (o iba pang kanta) upang makapag-paalam sa isa’t isa. Maghahanda na ang lahat para sa pag-uwi.</td></tr>
<tr><td>Sino-sino ang mga miyembro ng pamilya?<br><br>Bawat pamilya ay magkakaiba ang mga miyembro at bilang ng mga miyembro.</td><td>Sino-sino ang magkakasamang nakatira sa inyong tirahan?<br>Mayroon bang miyembro ng pamilya na nakatira sa ibang lugar?<br>May mga pamilyang magkakasamang nakatira sa iisang tirahan; may mga miyembro ng pamilya na nakatira sa magkakaibang tirahan.</td><td>Ano-ano ang mga espesyal na okasyon sa pamilya ninyo?<br><br>Ang mga pamilya ay sama-samang nagdiriwang ng mga espesyal na okasyon.</td><td>Anu-ano ang ginagawa ng pamilya nang magkakasama? May mga gawain bang ginagawa nang hindi magkakasama?<br><br>May mga gawaing magkakasama ang pamilya sa paggawa, at may mga gawaing hindi magkakasama ang pamilya sa paggawa.</td><td>Paano natin ipinapakita ang ating pagmamahal sa ating pamilya?<br><br>Ang pamilya ay isang grupo ng mga taong nagtutulungan, nagmamalasakit at nagmamahal sa isa't isa.</td></tr>
<tr><td colspan="6">Dismissal Routine: Mag-ingat sa pagtawid sa kalye. Tumingin sa kaliwa, kanan, at kaliwa muli bago tumawid. (Paalalahanan ang mga mag- aaral kung may meeting ang mga magulang o di kaya kung may sulat para sa kanila.)</td></tr>
</table>

| **LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO** | |
|---|---|
| **Mga Tanong sa Pagninilay** | |
| A. Aling bahagi ng activity ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila masyadong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling estratehiya ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon o lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata rito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (Tingnan ang 'Mga Katanungan' pagkatapos ng 'Mensahe'). | |

| Inihanda ni: | Nirebyu ni: | Pinagtibay ni: |
|---|---|---|
| Guro | Master Teacher / Head Teacher | School Head |

**Apendiks**

**A. Mga Gawaing Kaugnay ng Tema**

**<u>Family Pictograph</u>**


Layunin: Makilala ang sarili bilang miyembro ng pamilya; Maihambing ang dami ng iba't ibang pamilya; Makagawa ng *pictograph*.

Mga Kagamitan: Manila paper, kartolina o likod ng lumang kalendaryo; mga papel na hugis-tao (*unisex*, ginupit mula sa*bond paper* o *scratch paper*); *bond paper* o *scratch paper*; pangkulay, pandikit, permanent marker

Bilang ng Kasali: Buong klase Paghahanda:

1. Sa mga malaking papel (Manila paper/kartolina/kalendaryo), gumawa ng talaan. Ang unang kolum ay para sa pangalan ng mag- aaral, at ang pangalawang kolum ay para sa dami ng bilang ng miyembro sa kanilang pamilya. Maghanda ng talaan para sa bawat mesa o grupo ng mga mag-aaral. (Tingnan ang halimbawa.)
2. Gumupit ng mga parihabang piraso ng papel: gupitin sa gitna (pahalang/pahaba) ang isang *bond paper* o *scratch paper*. Maghanda ng isang parihabang papel para sa bawat mag-aaral.
3. Gumupit mula sa *bond paper* o *scratch paper* ng hugis tao (katulad ng hugis sa ibaba), pare-pareho ang laki. Tiyaking magkakasya ang hugis-taong papel sa mga parihabang papel. Kakailanganin ng bawat bata ng isang hugis-taong papel para sa bawat miyembro ng kanilang pamilya; upang matiyak na may sapat na dami ng hugis-taong papel na nakahanda, alamin muna ang bilang ng miyembro ng pamilya ng bawat mag-aaral (mas mainam kung higit pa sa sapat na dami ang ihanda).

Pamamaraan:




1. Paupuin ang mga mag-aaral sa mga mesa (ang bilang ng grupo ay nakabatay sa dami ng mesa sa silid-aralan). Para sa bawat mesa o grupo, maglaan ng isang talaan, isang parihabang papel sa bawat bata, mga hugis-taong papel (nasa isang kahon o anumang lalagyan), mga pangkulay, at pandikit.
2. Sabihan ang mga mag-aaral na kumuha ng isang hugis-taong papel para sa bawat miyembro ng kanilang pamilya. Maaari nilang kulayan o guhitan ang mga ito ayon sa mga miyembro ng pamilya (kasama ang kanilang sarili).
3. Pagkatapos guhitan, ididikit nila ang mga ito sa parihabang papel.
4. Ang mga parihabang papel namang ito ang ididikit sa talaan. Isulat (o ipasulat sa kanila) ang pangalan ng bata sa kolum katabi ng kanilang parihabang papel. (Tingnan ang anyo ng talaan sa gil
5. Kapag nakumpleto na ang talaan, pag-aralan at pag-usapan: Aling pamilya ang may pinakamaraming miyembro?
6. Alin ang may pinakakaunti? Maaaring bilangin ang bawat hugis-tao, at isulat ang bilang sa gilid. Maaari ring magtanong ng mga tanong na naghahambing, halimbawa, alin ang mas marami/kaunti? Ilan ang pagkakaiba?

7. Karagdagang tala tungkol sa aralin ngayong araw, partikular ukol sa apelyido: Balikan ang aralin sa ikatlong linggo tungkol sa buong pangalan, at kung ano ang ibig sabihin ng apelyido. Maaaring pag-usapan din na may mga pamilya na magkakaiba ang apelyido, halimbawa: ang nanay na iba ang apelyido sa tatay, o mga anak na iba ang apelyido sa tatay.


**Frame It!**

Layunin: Maipakita sa klase ang sariling pamilya;
Makilala na may mga miyembro ng pamilya na maaaring hindi kasama sa iisang tirahan; Makagawa ng sariling kuwadro na maiuuwi sa pamilya.

Mga Kagamitan: *bond paper* o *scratch paper*; karton (maaaring mula sa recycled na kahon ng pancake mix o kung ano mang karton); iba't ibang materyales, halimbawa: ginupit-gupit na pirasong *colored paper*, *string*/*yarn*, mga patpat/*popsicle sticks*, tuyong dahon, tuyong bulaklak, buto/munggo/patani/*dried beans*, mga bato, *shells*, atbp.; pangguhit at pangkulay; pandikit, gunting

Bilang ng Kasali: Buong klase Paghahanda:

1. Hatiin at gupitin ng tig-1/4 ang *bond paper*. Tiyaking may sapat na dami para sa lahat ng bata (bawat isa ay may ¼ na papel).
2. Gumupit ng sapat na dami (isa para sa bawat mag-aaral) ng karton kung saan ididikit ang ¼ *bond paper*. Lagyan ng sapat na espasyo sa paligid ng *bond paper* (tingnan ang halimbawa).



Pamamaraan:

1. Sa bawat mesa, maghanda ng pangguhit, pangkulay, pandikit, gunting, at mga materyales na ididikit (tuyong dahon, patpat, buto, atbp.). Bigyan ang bawat bata ng ¼ *bond paper* at ginupit na karton.
2. Sabihan ang mga mag-aaral na iguhit ang kanilang pamilya sa ¼ *bond paper*. Maaari nilang iguhit at kulayan kung papaano nila nais gawin.
3. Pagkatapos ay ididikit nila ang kanilang iginuhit na family picture sa karton. Hikayatin ang bawat bata na dekorasyunan ang paligid ng kani-kanilang *family picture* gamit ang iba't ibang materyales at pangkulay.
4. Sabihin sa mga mag-aaral na maiuuwi nila ang nilikha nilang *family picture frame*, matapos gamitin ang mga ito sa isa pang gawain sa klase ("Tayo Ay Pamilya").

**Tayo Ay Pamilya**

Layunin: Makilala ang iba't ibang pagkakabuo ng pamilya; Matukoy ang mga pagkakahawig/pagkakapareho ng mga pamilya

Mga Kagamitan: ang mga nilikhang *family picture frames* ng klase (mula sa gawaing "Frame It!")

Bilang ng Kasali: Buong klase Pamamaraan:

1. Ipakita ang mga ginawang *family picture* sa klase; maaaring idikit ang mga ito sa pisara o dingding.
2. Tawagin ang mga bata sa harapan (maaaring boluntaryo, o maaaring bawat isa), ipakita ang kanilang *family picture* at ipakilala ang mga miyembro ng kanilang pamilya. Itanong ang mga mag-aaral kung mayroong miyembro ng pamilya na hindi nila kasama sa bahay,

o hindi nila palaging kapiling: Alam niyo ba kung nasaan sila? Ano ang ginagawa nila roon? Madalas niyo ba silang makita o makasama? Paano niyo sila nakakausap, nakukumusta o nakaka-kuwentuhan? Pag-usapan na may mga pamilya na hindi (palaging) magkakasama sa iisang tirahan, maaaring dahil sa trabaho o pag-aaral (o baka dahil pumanaw na), o iba pang kadahilanan.

3. Maaari ding hikayatin ang mga mag-aaral na tingnan ang lahat ng mga *family picture* at tukuyin kung alin sa mga ito ang maaaring pagsamahin upang bumuo ng mga grupo ng *family pictures*. Maaaring magtanong: Alin dito ang may pagkakahawig? O, ano ang pagkakapareho ng mga *family picture* na ito? Bakit magkakagrupo ang mga ito?
4. Pag-usapan ang iba't ibang pagkakabuo ng pamilya (halimbawa, maaaring isa-isahin ang mga litrato at pag-usapan ito).


**<u>Celebrating with Family</u>**

Layunin: Matukoy ang mga espesyal na okasyon kasama ang pamilya; Makagawa ng isang *booklet* para sa sariling pamilya.

Mga Kagamitan: *bond paper*, materyales na pangguhit at pangkulay Bilang ng Kasali: Buong klase

Paghahanda:

1. Gamit ang ilang *bond paper* na naka-*staple* o *fastener* sa gitna, gumawa ng *booklet* para sa bawat mag-aaral.
2. Lagyan ng mga linya ang ibabang kalahati ng bawat pahina; mga ½ inch ang pagitan ng bawat linya. (Tingnan ang halimbawa.)



Pamamaraan:


1. Hikayatin ang bawat mag-aaral na gumihit ng kanilang mga paborito o pinakamasasayang espesyal na okasyon na kasama ang pamilya.
2. Hikayatin din silang magsulat tungkol sa kanilang mga iginuhit. Hayaan ang mga bata na magsulat sa anumang paraan na gusto o kaya nila (sumangguni sa *Teacher's Guide*, partikular sa *Emergent Literacy*).
3. Maaari din silang gumuhit, mag-kulay o mag-*decorate* (gamit ang iba't ibang materyales, tulad ng ginamit sa gawaing "Frame It!") ng pabalat ng kanilang *booklet*. Hikayatin silang isulat ang kanilang pangalan sa kanilang nilikha.

**<u>Mahal Ko Ang Aking Pamilya</u>**

Layunin: Maisa-isa ang mga pamamaraan upang ipakita ang pagmamahal sa pamilya Mga Kagamitan: *bond paper* o *scratch paper* (gamitin ang likod), panulat, pangkulay Bilang ng Kasali: Buong klase

Paghahanda:

1. Sa *bond paper* o likod ng *scratch paper*, maglagay ng mga linya (½ inch ang pagitan ng bawat isa). Tiyakin na may sapat na espasyo sa itaas ng mga linya para sa pamagat at/o larawan. (Tingnan ang halimbawa.) Maghanda ng isang *sheet* para sa bawat bata.
2. Maghanda rin ng *sample sheet*: katulad rin ito ng *sheets* para sa mga mag-aaral, ngunit ito ay sulatan ng "Mahal Ko Ang Aking Pamilya" sa itaas bilang pamagat. Tiyaking malinaw ang pagkakasulat nito upang hindi mahirapan ang mga bata na gayahin o kopyahin ito.




Pamamaraan:

1. Sa bawat mesa, maghanda ng mga panulat at pangkulay (maaari ring may iba't ibang materyales na puwedeng idikit bilang dekorasyon).
2. Hikayatin ang mga bata na isulat ang pamagat, Mahal Ko Ang Aking Pamilya, sa itaas ng kanilang *sheet*. Maaaring iayon ang pagsusulat ng pamagat batay sa antas ng bawat bata: (1) maaaring ang guro ang magsusulat ng pamagat sa kanilang *sheet*; (2) maaaring kopyahin ng bata ang pamagat mula sa *sample sheet* na inihanda, o di kaya'y mula sa pamagat na isusulat ng guro sa pisara; o (3) maaaring isulat ng bata ang pamagat ayon sa kung paano niya nito nais isulat o kung paano sa kanyang palagay ay ganoon ang pagkakasulat nito. (Sumangguni sa *Teacher's Guide*, partikular tungkol sa *Emergent Literacy*.)
3. Hikayatin ang mga mag-aaral na mag-isip ng mga pamamaraan kung paano nila maipakikita/maipararamdam ang kanilang pagmamahal sa pamilya. Maaari nilang iguhit ito, at isulat ang nais nilang sabihin tungkol dito. Hikayatin din silang isulat ang kanilang pangalan sa kanilang papel. (Sumangguni sa *Teacher's Guide*, partikular sa *Emergent Literacy*.)
4. Kapag natapos na ang lahat, tipunin ang mga papel. Maaaring isa-isahing ipakita at ipabahagi sa bawat bata ang kanilang naisip na pamamaraan. Maaari ding idikit ang mga papel sa pisara o dingding upang makita ng lahat at mabalikan ang iba't ibang pamamaraan.

**B. Iba Pang mga Early Language, Literacy, and Numeracy Activities <u>Block Play: Bahay</u>**

Layunin: Magamit ang *blocks* sa pagbuo ng istruktura;
Maunawaan ang ugnayan ng iba't ibang hugis upang makagawa ng iba pang hugis; Matukoy ang iba't ibang katangian (kulay, hugis, bilang, at bigat) ng ginawang istruktura.

Mga Kagamitan: Iba't ibang *blocks*

Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Hikayatin ang mga mag-aaral na gumawa ng bahay gamit ang *blocks*.
2. Himukin silang pag-usapan o ikuwento ang mga katangian ng mga ginawa nilang bahay. Maaaring magtanong, Anong klaseng bahay ito (hal., maliit, malaki)? Ano ang hugis/kulay ng bubong/ pinto/ bintana/ dingding? Ilang blocks ang kulay ________________________________________? Ilan ang hugis ____________? Aling *blocks* ang magaan? Alin ang mabigat?

**Scavenger Hunt: Hugis**

Layunin: Makilala ang iba't ibang hugis;

Matukoy ang hugis ng iba't ibang bagay sa kapaligiran.

Mga Kagamitan: mga larawan ng hugis (bilog, tatsulok, parisukat, parihaba, atbp.), papel (*bond paper* o likod ng lumang (*printout*), panulat at/o pangkulay

Bilang ng Kasapi: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Pangkatin ang mga mag-aaral ng magkakapares. Bigyan ang bawat pares ng isang larawan ng hugis at hikayatin silang tukuyin kung ano ito. Ipaguhit (sa itaas ng isang papel) sa bawat pares ang hugis na ibinigay sa kanila.
2. Ipahanap sa bawat pares ang iba't ibang mga bagay sa silid-aralan na kasing-hugis ng ibinigay sa kanilang hugis.
3. Ipaguhit sa papel ang mga bagay na kanilang nakita.
4. Kapag natapos na ang lahat sa pagguhit, ipakita ang gawa nila sa ibang mag-aaral (sa gawaing ito) at itanong sa kanila kung ano-ano ang mga bagay sa larawan. Hikayatin ang mga mag-aaral na tukuyin kung ang mga bagay ba ay kasing-hugis ng hugis sa itaas ng papel.
5. Maaaring pag-usapan ang iba't ibang katangian ng mga hugis na ito: halimbawa, Paano natin malalaman na ito ay bilog/tatsulok/parisukat/parihaba/atbp.? Paano sila nagkakaiba?

**Number Collage**

Layunin: Makilala ang mga bilang (numero);

Matukoy ang pagkakasunod-sunod ng mga ito.

Mga Kagamitan: mga lumang diyaryo/magasin/katalog/poster/atbp., gunting, pandikit, papel (na pagdidikitan) Bilang ng Kasapi: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat mag-aaral ng isang pahina ng diyaryo/magasin/katalog.
2. Ipahanap sa kanila ang mga bilang mula 0 hanggang 6 (o kung hanggang saan ang *target number)*, mula sa hawak nilang diyaryo/ magasin/katalog. Sabihan silang gupitin ang bawat bilang, at idikit sa papel nang sunod-sunod (0, 1, 2, 3, 4, 5, 6).
3. Basahin ang bawat ginawa: ituro ang bawat bilang at bigkasin ang bilang.
4. Maaaring pag-usapan ang iba't ibang katangian ng mga ginupit na bilang (base sa *font*): Alin ang malaki/maliit? Alin ang mas malaki/maliit? Alin ang mas mabilog/payat/matangkad? Atbp.
5. Maaaring maghanap sa silid-aralan ng mga bagay na may parehong bilang, halimbawa: may anim na bata sa mesa/grupo; ipatukoy sa mga bata kung aling bilang (numero) ang nagpapakita ng anim.

**It's A Match**

Layunin: Maihambing ang bilang (numero) sa dami ng bilog/bagay.

Mga Kagamitan: isang *set* ng *numeral cards* na may bilang 0-6 (o kung hanggang saan ang *target number*) at isang *set* ng *dot pattern cards* na may mga bilog o *dots* (katumbas ng mga bilang, hal., may anim na bilog/*dots* na katumbas ng 6)

Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral Pamamaraan:

1. Ilagay ang mga *numeral cards* na nakabaligtad (hindi nakikita ang bilang) sa mesa o sahig. Ilagay naman ang *dot pattern cards* sa isang *tray* o kahon.
2. Bawat bata ay kukuha ng isang *dot pattern card* mula sa kahon at ipagpapares ito sa *numeral card*.
3. Kapag tama ang kanyang nagawa, maaari siyang tumawag ng susunod na bata para gawin ang gawain.
4. Maaaring balasahing muli ang mga *cards* at ulitin ang gawain, hanggang sa mabilis nang gawin ng lahat ng mag-aaral.
5. Kung kayang-kaya na itong gawin ng mga mag-aaral, maaaring dagdagan ang *cards* para higit pa sa bilang 6 ang gagamitin.

**Paborito Kong Pagkain**

Layunin: Matukoy at maisulat ang unang letra ng paboritong pagkain; Mailarawan ang paboritong pagkain.

Mga Kagamitan: papel; panulat at pangkulay; iba't ibang materyales, hal., *popsicle sticks*/patpat, dahon, *beads*/buto, tali/*string*/*yarn*, atbp.; gunting, pandikit; *alphabet chart* o papel kung saan nakasulat ang alpabeto

Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Bigyan ng papel ang bawat mag-aaral. Gamit ang panulat, pangkulay at iba't ibang materyales, sabihan silang iguhit o lumikha ng paborito nilang pagkain.
2. Pagkatapos ay tanungin ang bawat isa kung ano ang kanilang nilikha. Ano ang pagkaing iyan? Anong titik kaya nagsisimula ang pagkaing iyan? Ipaturo sa mag-aaral ang letra sa *alphabet chart*.
3. Maaaring hikayatin silang isulat sa papel ang unang titik ng pagkain, o kung nais at kaya ng mag-aaral, ang pangalan ng pagkain.
4. Maaari ding tanungin ang mga mag-aaral habang sila ay lumilikha: Bakit mo paborito ang pagkaing iyan? Sino ang nagluluto/gumagawa niyan? Kung nais at kaya ng mag-aaral, maaari din nilang isulat ang kung ano mang nais ibahagi tungkol sa kanilang paboritong pagkain.

**Scavenger Hunt: Letra**

Layunin: Makilala at masabi ang tunog ng ilang titik ng Alpabeto

Mga Kagamitan: iba't ibang kagamitan o bagay na nagsisimula sa *letter for the day*, nakalagay sa iba't ibang lugar sa silid-aralan, papel (*bond paper* o likod ng lumang *printout*), panulat at/o pangkulay

Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Pangkatin ang mga mag-aaral ng magkakapares.
2. Ipahanap sa bawat pares ang iba't ibang mga bagay sa silid-aralan na nagsisimula sa *letter for the day*.
3. Ipaguhit sa bawat pares ang mga bagay na kanilang nakolekta, at ipasulat ang *letter for the day* sa itaas ng papel.
4. Kapag natapos na ang lahat sa pagguhit, ipakita ang gawa nila sa ibang mag-aaral (sa gawaing ito) at itanong sa kanila kung ano- ano ang mga bagay sa larawan. Hikayatin ang mga mag-aaral na tukuyin kung ang mga bagay ba ay nagsisimula sa *letter for the day*.

**<u>Pag-ikot ng Letra (o Tugma)</u>**

Layunin: Matukoy ang mga salitang nagsisimula sa titik ____________________. (Alternatibo: Matukoy ang mga salitang magkakatugma.) Mga Kagamitan: bola o kahit anong bagay/gamit na madaling hawakan at ipasa (hal., laruan, *roll* ng *tape*, *marker*, atbp.) Bilang ng Kasapi: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Paupuin ang mga mag-aaral sa isang bilog sa sahig o paikot sa mesa.
2. Ibigay ang bola (o kung anumang natukoy na bagay/gamit) sa isang mag-aaral. Magbigay ng isang titik at bigkasin ang tunog nito.
3. Simula sa mag-aaral na may hawak ng bola, mag-iisip at bibigkas siya ng salitang nagsisimula sa titik na tinukoy (maaaring tumukoy ng isang kategorya, halimbawa: bagay/pagkain/laruan/atbp.). Ipapasa niya ang bola sa katabi, na siya namang magbibigay ng salitang nagsisimula sa tinukoy na titik.
4. Iikot ang bola hanggang may mag-aaral na hindi na makapagbigay ng salita sa titik na iyon.
5. Maaaring magsimula ulit, gamit ang ibang titik, o ibang kategorya ng salita.
6. Baryasyon: Magbibigay ng isang salita ang guro, at mag-iisip ng mga salitang katugma ang mga mag-aaral. Halimbawa: aso, baso, laso, atbp.
7. Baryasyon: Magbibigay ang bawat bata ng pangalan ng isang bagay na mas mabigat o mas magaan (kung ano man ang tutukuyin) kaysa sa hawak na bagay/gamit.

**<u>Letra sa Playdough</u>**

Layunin: Makilala ang mga titik;

Masanay sa pagsusulat/paggawa ng mga letra gamit ang luwad o *playdough.*

Mga Kagamitan: luwad / *playdough*, *letter cards* (mga *uppercase* at/o *lowercase* na titik, nakasulat o naka-*print* sa karton) Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat mag-aaral ng kapirasong luwad o *playdough*.
2. Pumili ng mga titik na tutukuyin ng mga bata; maaaring may *uppercase* at *lowercase* ng bawat titik. Ipakita ang bawat *letter card*, at itanong sa mga mag-aaral kung ano ang titik na iyon. Ilagay ang mga *letter card* sa mesa, halo-halo (hindi magkasama ang *uppercase* at *lowercase* ng isang titik).
3. Hikayatin ang mga mag-aaral na gayahin ang bawat titik gamit ang luwad/*playdough*.
4. Kapag natapos na ang lahat, ipapares/ipapareha sa kanila ang *uppercase* at *lowercase* ng mga titik.
5. Maaari silang himukin na mag-isip ng paboritong pagkain/laro/laruan/gawain/atbp na nagsisimula sa bawat titik.

**C. Mga Laro sa Loob at Labas ng Silid-Aralan**

**<u>Puwede po, Inay/Itay?</u>**

Layunin: Maunawaan at makasunod sa mga panuto o tagubilin; Maigalaw ang katawan sa iba't ibang malikhaing paraan.

Mga Kagamitan: *chalk* o patpat
Bilang ng Kasali: Higit sa dalawang mag-aaral Pamamaraan:

1. Pumili ng lider, o si "Inay/Itay." Tatayo ang lider sa isang dulo ng paglalaruang lugar, habang ang ibang mga kalaro (ang mga "anak") ay nakalinya nang pahalang sa kabilang dulo (nakaharap sa lider). (Gamit ang *chalk*, maaaring gumuhit o magtakda ng isang "*starting line*." Kung sa labas ang paglalaruang lugar, maaaring gumuhit ng linya sa lupa gamit ang patpat.)
2. Magbibigay si "Inay/Itay" ng tagubilin o *instructions* sa isa sa mga kalaro, halimbawa: "Bong, humakbang ka ng [bilang at klase ng hakbang]."
   Sasagot ang "anak": "Puwede po, Inay/Itay?"
   Sasagot si Inay/Itay: "Opo, pupuwede po" o "Hindi po pupuwede. Humakbang ka na lang ng  na hakbang." _
3. Kapag "pinayagan" na ni Inay/Itay, hahakbang na ang manlalaro ng itinakdang bilang at klase ng hakbang.
4. Kapag humakbang ang "anak" nang hindi humihingi ng permiso, siya ay babalik sa *starting line*. Ang unang makaabot kay Inay/Itay ang magiging bagong lider.
5. Maaaring mga hakbang:
   - *baby step*: naka-*tiptoe*
   - *giant step*: pinakamalaking hakbang na kakayanin
   - *split*: i-*slide* ang isang paa hanggang sa kakayanin
   - *side gallop*: humakbang patagilid
   - *fire engine*/*police car*: tumakbo hanggang sabihin ni Inay/Itay na "Tigil!" o "Stop!"
   - *frog leap*: tumalon na parang palaka
   - *rabbit step*: tumalon sa isang paa
6. Maaari ding gumawa at magmungkahi ng ibang mga hakbang ang klase.

**Family Relay**

Layunin: Masanay sa pagtakbo nang mabilis; Matutong makipagtulungan sa mga kagrupo.
Mga Kagamitan: *chalk* o patpat
Bilang ng Kasali: 6 bawat grupo o *team*
Pamamaraan:

1. Magtalaga ng isang *starting line* (gumuhit gamit ang *chalk* o patpat) kung saan ang lahat ng mga *team* ay dito magsisimula. Sa kabilang dulo naman ng paglalaruang lugar, may linya rin kung saan may poste (hal., upuan o bote ng tubig) na iikutan ng mga *team*. Bawat *team* ay may kani-kanilang poste.
2. Pipila ang bawat *team* sa *starting line*, katapat ng kanilang poste. Kapag ibinigay na ang senyas (hal,, bibilang ng "Isa, Dalawa, GO!") ay tatakbo ang unang manlalaro patungo sa poste, iikot doon at tatakbo pabalik sa *starting line*.
3. Pagdating sa *starting line*, hahawakan niya ang kamay ng susunod na manlalaro, at magkasama silang tatakbo papunta sa poste at pabalik.

4. Magpapatuloy ang laro hanggang ang huling manlalaro ay nakatakbo na kasama ang buong *team*.
5. Ang unang *team* na makakabalik sa *starting line* ang magwawagi.

**Gaya-gaya**

Layunin: Maunawaan at makasunod sa mga panuto; Makasunod at magaya ang ipinapakitang galaw.

Mga Kagamitan: wala

Bilang ng Kasali: Dalawa o higit pang mag-aaral Pamamaraan:

1. Pumili ng "taya" para sa larong ito. Maaaring ang guro ang mauuna munang "taya" upang maipakita sa mga mag-aaral kung paano laruin ang laro.
2. Gagayahin ng lahat ng mag-aaral ang gagawin ng "taya", halimbawa: gumalaw ng mabilis/mabagal/paibaba/paitaas/patagilid, gumalaw nang parang isang hayop (ibon, palaka, matsing, atbp).
3. Mga baryasyon:
    a. Pipili o magtatalaga ang mga mag-aaral ng isang "*trick move*" (halimbawa: iikot, tatayo sa isang paa, atbp.). Kapag ang "taya" ay nag-"*trick move*", dapat na tumigil (mag-*freeze*) ang lahat. Ang hindi mag-*freeze* ang magiging bagong taya.
    b. Katulad rin sa itaas na may "*trick move*", ngunit dapat iba naman ang igalaw ng mga mag-aaral (maliban sa mag-*freeze* o gayahin ang *trick move*). Ang hindi makasunod ang magiging bagong taya.
    c. Magkakapares: ang isa muna ang "taya", at kapag nagkamali ng galaw ang kapareha, ay siya naman ang taya.

## D. Mga Kanta at Tula

| **Nasaan si Tatay?** | **Masaya Kaming Pamilya** |
|---|---|
| (sa tono ng Where is Thumbkin?)<br>Titik ni Silahis O. Peckley<br><br>Nasaan si Tatay (2x)<br>Nandito (2x) Bahagi ng<br>pamilya (2x)<br>Si Tatay (2x).<br><br>*Ulitin para sa iba't ibang miyembro ng pamilya (hal., Nanay, Ate, Kuya, Bunso, Lolo, Lola, Tito, Tita).*<br>*Maaaring gumamit ng ibang salitang ginagamit ng mga bata para tukuyin ang mga miyembro ng kanilang pamilya (hal., Itay/Daddy/Papa/Ama).* | (sa tono ng Masaya Kung Sama-sama) Titik<br>ni Silahis O. Peckley<br><br>Masaya kaming pamilya, pamilya, pamilya<br>Masaya kung sama-sama't nagtutulungan.<br>Ang pamilya'y ______________<br>Masayang ______________<br>Masaya kung sama-sama, at nagtutulungan.<br><br>*Hikayatin ang mga mag-aaral na mag-isip ng iba't ibang gawain na ginagawa ng pamilya, at punan ang patlang.* Halimbawa: Ang pamilya'y nagluluto (naglilinis/kumakain/natutulog atbp)<br>Masaya kaming nagluluto (naglilinis/kumakain/natutulog atbp. |